# Pakikipagtulungan sa Independent Movement ng Pasay*

*ROBERTO P. ALABADO III*
*& KEVIN ROY B. SERRONA*

## Panimula

Masasalamin sa ngayon ang mabilis na pagsulong ng mga bansang nakahanay sa mga umuunlad o developing countries. Ang daloy ng mabilis na urbanisasyon ay makikita sa kalakhang Maynila kung saan ang pag-unlad ay mararamdaman saan mang sulok. Ito ay kaalinsabay sa programa ng pamahalaang Ramos na kilala sa tawag na "Philippines 2000" o ang pagbukas ng ekonomiya sa pandaigdigang kalakan para mapabilis ang pag-unlad ng bansa at mabigyan ng trabaho ang maraming Pilipino.

Ngunit sa harap ng mabilis na pag-unlad sa kalunsuran ay lalo namang napag-iiwanan ang mga kanayunan. Ang prayoridad ng pamahalaan ay industriyalisasyon tungo sa pagiging "Tiger Economy" ng bansa. Kung kaya't habang patuloy ang pagbuhos ng mga oportunidad at pagpasok ng mga makabagong teknolohiya sa kalunsuran, nananatili naman ang mga kanayunan sa kawalan ng mga pangunahing serbisyo at oportunidad ng mga magagandang trabaho. Resulta ay ang patuloy na pagdagsa ng mga tao mula sa kanayunan tungo sa mga pangunahing lunsod tulad ng Maynila.

Ayon sa IBON *Facts and Figures* , walumpu't limang porsyento (85%) ng kabuuang populasyon ng *Metro Manila* ay galing sa probinsiya. Malaking bahagi nito ay dumadagdag sa sektor ng mga maralitang tagalunsod. Salat sa pera, salat sa kaalaman. Kung kaya karamihan sa kanila ay nagiging puwersa para sa mga pangpersonal na serbisyo

**This started as a community-based training program but was later expanded to include other extension activities of REDO. The program was implemented in 1995 and is still ongoing up to the present.*



CS Scanned with CamScanner

na lamang, tulad ng pagpapakatulong, paglalaba at paninilbihan sa mga bahay-aliwan (IBON *Facts and Figures, March* 1995). Subok man sa katatagan nila, nanatili silang walang kapangyarihan kung kaya't sila ang kadalasang nabibiktima ng mga pagbabagong dulot ng industriyalisasyon at komersyalisasyon sa lungsod. Sa huli, sila ang karaniwang talunan.

Sa ganitong konteksto namin ilalahad ang naging karanasan ng Research and Extension for Development Office (REDO) ng Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan (CSWCD) sa pakikipagkapit-bisig sa isang komunidad ng mga mararalitang tagalunsod sa Libertad, Pasay.

## Ang Komunidad ng Barangay 88 at 91 ng Pasay

Madaling tandaan ang lugar. Napakalaki ng palengke para hindi mapansin. Sa harap nito ay isang malaking department store. Kung papasok ka sa komunidad, pwedeng dumaan ka sa palengke o di kaya sa gilid nito. Pagpasok mo pa lang, amoy mo na ang malansang isda at makikipagsiksikan ka sa mga manininda at mamimili papasok. Mapapansin kaagad ang ginagawa ng mga tao tulad ng pag-iigib, pagtitinda ng gulay at isda, paglalaba o ang mga umpukan sa kalye.

Sa pagpasok sa looban, makikita ang mga nagsisiksikang bahay na yari sa plastik, kahoy at yero. Sa labas ng mga ito ay makikita ang mga nanay na hawak ang mga anak o di kaya'y naglilinis habang nakikipag-usap sa mga kapitbahay o pumipila sa mahabang linya ng mga balde papunta sa gripo. Madilim sa looban at napakaliit ng mga daanan. Pero para sa kanila, ito ay isang biyaya. Una, malapit lang ito sa palengke na pinagkukunan ng hanapbuhay nila. Pangalawa, may malalapit na pampublikong paaralan kung saan puwedeng makapag-aral ang kanilang mga anak.

Ito ang mga barangay 88 at 91 ng Libertad, Pasay, isa sa mga pinakamataong lugar ng kalakhang Maynila. Ang barangay 88 ay may sukat na 2.5 ektarya na kinapapalooban ng humigit-kumulang 1,515 na tao o 250 na pamilya. Ang barangay 91 naman ay may sukat na 1.5 ektarya na tinitirhan ng 1,600 na tao o 228 na pamilya. Pangunahing pinagkakakitaan ng mga tao ang pagtitinda sa palengke. Ang iba



CS Scanned with CamScanner

naman ay nagtatrabaho sa pabrika, naninilbihan bilang traysikel, dyip at taksi *drivers*, samantalang ang iba naman ay pumapasok sa mga opisina.

Mahirap man at abala sa paghahanap-buhay, ang mga tao ay nananatiling mulat sa mga isyung kinakaharap nila. Pinakamatingkad dito ang problema nila sa lupa at pabahay. Kung kaya't sila mismo ay nagtaguyod ng mga samahang magbubuklod sa kanila upang magkaroon sila ng lakas na humarap at labanan ang mga problemang kinakaharap nila.

Bumuo ang mga tao ng mga lokal na samahan sa bawat purok ng barangay. Ang mga ito ay ang: Bayanihan tungo sa Kaunlaran Homeowners Association (BAYANIHAN), Nagkakaisang Mamamayan ng Sporting Club (SPORTING), Samahang Magkakapitbahay ng Sporting (MAGKAKAPITBAHAY), P. Villanueva at Kabalikat. Kaalinsunod nito, bumuo sila ng isang pederasyon, ang Pederasyon ng Maralitang Tagalunsod ng San Rafael o PAMANTASAN, noong Marso 1995.

Isa pang aktibong organisasyon sa mga barangay 88 at 91 ay ang *Independent Movement* o IM, ang *umbrella organization* ng iba't ibang samahan sa nasabing lugar. Ang IM ay itinatag noong ika-8 ng Mayo, 1994 ng ilang mga kumandidato at nahalal na miyembro ng lokal na konseho. "Independent" dahil wala silang kinabibilangang pulitikal na partido.

Isang makitid na daan sa Brgy. 88 ang papunta sa opisina ng IM. Maliit lang ang lugar; ang opisina ay binubuo ng dalawang kuwartong maliit. Dito ginaganap ang mga pagpupulong ng samahan o di kaya'y mga karaniwang kuwentuhan lang, at ito rin ang opisina ng kanilang kooperatiba kung kaya't hindi ito nawawalan ng tao.

Malaki ang ginagawa ng IM sa komunidad. Ang pangunahing pinagkakaabalahan nito ay ang *anti-gambling campaign* laban sa natalong kapitan na nagmamay-ari ng mga pasugalan sa barangay. Tinututukan rin nito ang iba pang problema sa komunidad tulad ng droga, edukasyon, kakulangan ng sapat na trabaho, kalinisan at kapayapaan. Nang kalaunan, nagtayo rin ito ng isang kooperatiba



Scanned with CamScanner

bilang samahang pang-ekonomiya na nagpapahiram ng pera at iba pang serbisyo sa mga miyembro nito sa mababang singil.

Pagpasok mo sa looban ng Barangay 91 ay makikita ang *Day Care Center* ng PAMANTASAN. Ito ay naitayo ng samahan sa pakikipagtulungan sa Kabalikat sa Pag-unlad (KAPPAG), isang NGO sa komunidad. Ang nasabing NGO ang nagbigay ng mga boluntir na mga guro. Maliban dito nakatutok din ang KAPPAG sa kalusugan, pag-oorganisa at pagtatayo ng kooperatiba. Ang mga anak ng mga miyembro ng PAMANTASAN ay libreng nakakapag-aral dito. Maliban sa pagiging *Day Care Center*, ang lugar ay ginagamit din para sa pagpupulong ng mga lokal na samahan. Dito rin ginaganap ang ibang mga gawain ng samahan tulad ng *medical missions* na inilulunsad ng ilang grupong kaugnay nila.

Ipinagmamalaki ng PAMANTASAN ang day care center bilang pangunahing proyekto nito. Isa pang pinagkakaabalahan nila ang patuloy na pakikipagnegosasyon sa may-ari ng lupa para maibenta ito sa kanila.

Ang usaping pulitika ay hindi rin naihihiwalay sa buhay ng IM. Karamihan sa mga miyembro ng konseho at ang bagong halal na kapitan ay mga kasapi ng IM. Ang Presidente nito ang nangungunang konsehal. Sa barangay 91, ang bagong halal na kapitan ay aktibong miyembro rin ng PAMANTASAN. Ito ay nagpapakita na malaki ang naitutulong ng isang organisadong puwersa para makipaglaban sa mga pulitikong may pera. Higit sa lahat, alam ng tao kung sino ang mga totoong naglilingkod sa kanila.

Ang IM at PAMANTASAN ay nakapagbigay na ng maraming pagsasanay para mapalakas ang kakayahan ng mga miyembro nito. Ito ay nagagawa dahil sa pakikipag-ugnayan nito sa ibang organisasyon ng mga mararalitang tagalunsod at NGOs. Naniniwala sila na ang tuloy-tuloy na pag-aaral ay susi para hindi mamatay ang samahan. At ang pakikipagkapit-bisig nito sa ibang institusyon at samahan ay isang paraan para mas lalo pang mapalaki ang boses nila laban sa mga demolisyon at pang-aapi sa mga maralitang tagalunsod.



CS Scanned with CamScanner

## Ang Pakikipagkapit-bisig

Mula nang maitatag ang IM ay nakikipag-ugnayan na ito sa iba't ibang NGO at ahensiya upang maging katuwang sa pag-unlad ng kanilang samahan at komunidad. Ang Research and Extension for Development Office (REDO) ay isa lamang sa mga ito. Napag-alaman ng IM ang mga programa ng REDO sa pamamagitan ng iba nilang kaugnay na mga organisasyon/ahensiya. Matapos ang ilang tawagan, pumunta at nakipagpulong ang isang taga-REDO sa mga lider ng komunidad upang magkaroon ng panimulang talakayan ng mga programa ng dalawang institusyon. Ipinakilala sa komunidad ang mga adhikain at mga gawain ng REDO bilang bahagi ng UP CSWCD sa pakikipagtulungan sa mga komunidad at mga organisasyong pantao habang itinataguyod ang sama-samang pag-unlad ng lipunan. Isinalaysay naman ng mga lider ang kasaysayan at mga isyu't pangangailangang kinakaharap ng komunidad. Sa aspetong ito maaring simulan ang pakikipagtulungan ng dalawang institusyon.

Noong Setyembre 1995, nilagdaan ng dalawang organisasyon ang isang kasunduan tungkol sa pagpapatupad ng isang programang pang-edukasyon para sa komunidad. Ang pangunahing responsibilidad ng IM ay ang paghahanda ng magsisipagdalo at mga aspeto ng pagsasanay katulad ng pagkain at lugar, habang ang REDO ang maghahanda para sa mga teknikal na gawain. Ang pamamahala ng buong programa at responsibilidad ng dalawa kung saan magkakaroon ng sama-samang pagpaplano, pagsusubaybay at pagtatasa.

## Sama-samang Pag-aaral

Ang pagtukoy ng mga pagsasanay ay nagmula sa mga konsultasyon at pagpupulong sa pagitan ng mga nabuong komite sa edukasyon ng IM at ng REDO. Inihanay ang mga gawain ng mga organisasyon at ang mga kakailanganing kasanayan ng mga lider. Mula dito, nalaman ang mga kakulangan ng mga lider upang gampanan ang kanilang mga gawain. Sa ganitong paraan, ang mga pagsasanay ay nakatuon sa pag-unlad sa kaalaman, aktitud at kasanayan ng mga lider sa komunidad sa gawaing pagpapaunlad. Ang mga modyul sa pagsasanay ay masusing pinag-aralan ng dalawang panig upang



CS Scanned with CamScanner

tumugon sa mga pangangailangan at sitwasyon ng komunidad. Upang mabigyan ng pagkakataon ang bawat organisasyon sa komunidad na makadalo, iminungkahi ng IM na ang bawat lokal na organisasyon ay bigyan ng representasyon sa mga pagsasanay.

Ang unang pagsasanay na inilunsad ay ang Sama-samang Pamamahala ng Pamayanan na dinaluhan ng iba't ibang sektor at organisasyon ng komunidad. Sumunod dito ay ang Panimulang Pagsasanay sa Kooperatiba para sa mga opisyales ng kanilang nagsisimulang kooperatiba. Sa pagsasanay na ito isinagawa ang konseptong *study tour* na kung saan ang mga nagsipagdalo ay bumisita at nakipagtalakayan sa mga opisyales ng dalawang iba pang kooperatiba. Ang pagbisita sa ibang mga kooperatiba ang nagsilbing daan para maiangat ang kanilang kamulatan at kasanayan sa gawaing pangkooperatiba.

Upang tugunan ang gawaing pagmumulat at pagpapalaganap ng impormasyon sa loob ng komunidad ay naglunsad ng isang seminar sa pagsusulat ng newsletter at sa pagsasalita sa publiko. Nagtulong-tulong ang iba't ibang organisasyon sa pagkalap ng mga balita at impormasyon para sa pahayagan. Kasunod nito, nakapaglabas ng sariling pahayagang pangkomunidad ang samahan.

Ang mahalag ng leksyon sa karanasang ito ay ang pagtataguyod sa *study tour* bilang epektibong behikulo para sa gawaing pagpapa-unlad. Ang regular na lingguhan at masusing pagpupulong ay isang mahalagang bahagi ng programa na hindi puwedeng ipagpaliban. Sa pamamagitan ng mga talakayan naisagawa ang *training needs analysis, training preparation* at ang ebalwasyon ng mga natapos na mga pagsasanay. Ang regular na pagdalaw sa komunidad ay nagsilbi ding okasyon upang lalong humigpit ang samahan ng mga taga-REDO at ng mga tao,pagpapakinis ng mga proyekto at pagtukoy ng iba pang aspeto ng pagtutulungan sa pagitan ng komunidad at ng REDO.



Scanned with CamScanner

## Gawaing Ekstensyon

Bukod sa gawaing edukasyon nagkaroon din ng pakikipagtulungan sa pagpapalakas ng mga lokal na organisasyon tungo sa gawaing pagpapaunlad.

Nariyan ang pagtulong sa pagsasaayos ng mga plano at programa ng mga organisayon. Nagkaroon ng pakikipagtulungan sa gawaing pag-oorganisa ng mga kabataan. Tumutok ang isang *staff* sa pag-oorganisa ng grupong ubod hanggang sa pagpapalawak ng kasapian ng kabataan. Naipakita ang lakas ng kabataan nang ipanalo nila ang ilang posisyon noong nakaraang eleksyon ng Sangguniang Kabataan.

## Pakikipag-ugnayan ng Komunidad sa Unibersidad

Naging kabalikat din ng IM ang REDO sa pagbubuo nito ng mga ugnayan sa iba't ibang sektor ng akademya. Sa pangangailangang pangkalusugan, nakipagtulungan ang Ugnayan ng Pahinungod - Diliman upang makapaglunsad ang dalawang organisasyon ng mga mag-aaral ng dalawang pagamutang bayan sa komunidad. Ang Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan ay nakapagpadala rin ng anim na estudyante sa loob ng dalawang taon upang maging katuwang ng mga tao sa gawaing pagpapaunlad.

Upang magkaroon ng kamulatan ang ibang tao tungkol sa kanilang sitwasyon at karanasan, naglunsad din ng mga *exposure visits* sa komunidad. Ang mga estudyante ng CSWCD ay nakipamuhay sa kanila at ito ang nagsilbing pagsasanay ng mga lokal na lider sa pakikipagtalakayan ng mga isyu sa kanilang komunidad. Bukod sa mga estudyante ng UP, may mga estudyanteng Hapones ng Nihon Fukushi University na dumalaw din sa komunidad upang makipamuhay.

Naging katuwang din ng komunidad ang *College of Public Administration* sa paglunsad ng mga gawaing tumutugon sa kanilang mga kagyat na pangangailangan. Sa pamamagitan ng pakikipamuhay at pakikipagtalakayan ng isang klase sa komunidad ay nakapaghanda ito ng isang pananaliksik ng mga ahensiya at NGO na maaring lapitan



CS Scanned with CamScanner

ng komunidad sa kanilang problemang pabahay.

Ang mga pakikipag-ugnayan ay nagsilbing daan para maiparating ng komunidad ang kanilang sitwasyon sa ibang mga tao. Nakapagbuo din ito ng mga kongkretong proyekto para sa ikauunlad ng pamayanan katulad ng mga pananaliksik at pag-oorganisa. Nakatulong din ito sa lider upang mahasa sila sa pakikipagtalakayan at gawaing edukasyon sa komunidad.

## Mga Kasalukuyang Gawain

Makaraan ang dalawang taon, patuloy pa rin ang pagtutulungan ng dalawang organisasyon. Patuloy ang pagdalaw at pakikipagpulungan sa pagitan ng komunidad at REDO. Tumutulong pa rin ang REDO sa pakikipag-ugnayan ng komunidad sa iba't ibang organisasyon sa U.P. Sa kasalukuyan ay isinasaayos ang pakikipag-ugnayan ng *Urban Poor Desk* ng *Paralegal Volunteers Organization* ng UP *College of Law* at ng komunidad para sa aspetong legal ukol sa kanilang mga isyu sa pabahay. Ang mga estudyante ng *College of Public Administration* ay nagbabalak ding maglunsad ng pagsasanay tungkol sa Local Government Code para sa Sangguniang Barangay.

Ang patuloy na paglakas at paglawak ng organisadong puwersa sa komunidad ay masasalamin sa resulta ng nakaraang lokal na eleksyon. Naipanalo ng IM at ng PAMANTASAN ang kanilang mga kandidato sa dalawang barangay. Sa ganitong paraan ay maaari nang ipatupad ng liderato ang pamamahala sa kanilang komunidad na tunay na mula sa tao at para sa tao.

## Mga Aral Mula sa Karanasan

***Nakabatay ang programa sa sitwasyon at kagyat na pangangailangan ng komunidad.***

Sa gawaing ekstensyon, ang akademya ay kadalasang meron nang dala-dalang programa na ipatutupad na lamang sa mga komunidad. Ang prosesong ito ay nagpapahiwatig lamang nang hindi pagsalig sa kakayahan ng komunidad na ipahayag



Scanned with CamScanner

ang kanilang sariling pangangailangan at programa. Ang karanasan sa Pasay ay nagpapatunay na ang kalagayan ng komunidad at programa ng mga lokal na samahan ang siyang dapat maging batayan kung anong uri at anyo ng programang pangkomunidad ang ipatutupad ng mga tumutulong na ahensya.

***Ang partisipasyon ng komunidad sa buong aspeto ng programa ay esensyal upang ito'y maging mapagpalaya.***

Ang partisipasyon ng komunidad sa programa ay hindi lamang sa implementasyon kundi sa buong proseso ng pagpapatakbo nito. Sa ganitong paraan ang komunidad ay nabibigyan ng pagkakataon na magkaroon ng sariling pagpapasya at ang ahensiya ay nagsisilbing *catalyst* lamang. Dito maipapakita na ang komunidad ay may sariling buhay at kakayahan na iangat ang sarili mula sa kahirapan at ang ahensiya ay katuwang lamang.

***Ang pakikipagtulungan ay hindi natatali sa isang aspeto lamang kundi kailangang maging komprehensibo. Dito makikita ang kahalagahan ng pakikipag-ugnayan sa iba't ibang ahensiya at organisasyon.***

Ang programa ng pakikipagtulungan ay lalong lumalalim sa paglipas ng panahon. Maaaring magsimula ito sa isang aspeto lamang tulad ng pagsasanay ngunit kakailanganin din nitong lumawak at sagutin ang pangangailangan sa iba't ibang aspeto ng pag-unlad ng isang komunidad. Sa sitwasyon na hindi kayang sagutin ng isang ahensiya ang pangangailangan, maaari makipag-ugnayan ang komunidad sa iba pang ahensiya na siyang makakatugon sa problema. Ang pagkakaroon ng isang malawak na ugnayan na panlabas ang siyang magpapalakas ng suporta sa komunidad tungo sa pag-unlad.

***Ang pakikipagtulungan ay maaring magkaroon ng iba't ibang anyo batay sa kakayahan ng bawat panig.***

Kalimitan ang ahensiya ang siyang umaako ng mga gastusin sa programa. May mga pagkakataon na mayroong



CS Scanned with CamScanner

limitasyon sa pondo. Sa isang magandang programa ay maaaring magkaroon ng hatian hindi lamang sa responsibilidad ngunit pati na rin sa mga gastusin ng programa. Sa isang pagsasanay, ang mga magisispagdalo ay maaari nang magbaon habang ang mga trainers ay handang mag-alay ng pagod at talino. Hindi kinakailangang maglabas ng malaking pera sa ganitong paraan. Kailangan lamang ang ahensiya at komunidad na maglaan ng oras, talino at determinasyon para sa pagpapatupad ng programa.

## Rekomendasyon

Upang lalong mapahusay ang pakikipagtulungan ng Kolehiyo at ng REDO sa mga komunidad, ang mga sumusunod ay ang mga rekomendasyon ng mga *staff* na hanggang sa kasalukuyan ay nakikipagtulungan sa komunidad:

1. *Magkaroon ng mas mahigpit na pakikipagtulungan sa pagitan ng akademiko at mga programa ng REDO upang maging tuloy-tuloy ang takbo ng ganitong programa.* Ang karanasan na nakukuha sa komunidad ay panggagalingan ng mga teyorya't kaalaman para sa mga talakayan sa loob ng silid-aralan habang ang mga talakayang ito ay naisasakongkreto sa mga aral na natututunan sa pakikipagtulungan sa komunidad.

2. *Magtalaga ng sapat na pondo para sa mga gawaing serbisyong pangkomunidad kahit man lang para sa pagsasanay at pagbibiyahe ng mga Research and Extension Professional Staff (REPS)* dahil kalimitan, ang pagdalaw sa komunidad ay pagkatapos pa ng oras sa opisina at tumatagal hanggang sa kalaliman ng gabi.

3. *Palawakin ang programang pangkomunidad sa dalawa pang lugar.* Ito ay makakapagbigay sa kolehiyo ng mas malaking pagkakataon na maglingkod sa mga komunidad at sa mapalalim ng karanasan at kaalaman sa gawaing pag-unlad. Maaari ring magpadala ng mga estudyanteng nasa FI program upang magsilbing mga organisador ng komunidad habang ang REDO ang mamamahala sa mga teknikal na gawain tulad ng pagbibigay ng mga pagsasanay at patuloy na paggabay sa mga gawain.



CS Scanned with CamScanner

4. Ang programang pangkomunidad ang siyang pandayan ng REDO upang mapahusay ang kasanayan nito sa paglilingkod sa sambayanan. Kasabay nito, *kailangang makapagsulat at makapagpalaganap ng mga materyales sa wikang Filipino. Kailangang makapaglunsad rin ng mga makamasa, panibago at epektibong pamamaraan sa edukasyon para sa mga lider ng komunidad.*

5. Maliban sa pagbibigay ng mga pagsasanay sa komunidad, maaaring *palawakin ang gawaing pagpapaunlad ng REDO tulad ng pag-- oorganisa at iba pang gawain.* Makakatulong ito ng malaki para sa pagpapanday ng kaalaman, aktitud at kasanayan ng REDO bilang extension office ng Kolehiyo na naglalayong maglingkod sa sambayanan.

6. Bilang ahensyang nagsasabuhay ng mithiin ng Kolehiyo, hinihiling ang *institusyonalisasyon ng programang pakikipagkapit-bisig sa mga maralitang sektor ng lipunan sa pamamagitan ng pagsuporta at integrasyon nito sa mga regular na programa ng Kolehiyo.*



CS Scanned with CamScanner